Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-17 NG PEBRERO, 2003, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA

DUMALO

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .......... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .......... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .......... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .......... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | .......... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 066 -T'03*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. RODOLFO S. SAN LUIS, KINATAWAN NG IKAAPAT NA DISTRITO NG LAGUNA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG DALAWANG MILYONG PISO (P2,000,000.00) PARA SA PAGPAPAILAW AT PAGSASAAYOS NG MGA LINYA NG KURYENTE SA PAMILIHANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.*

*SAPAGKA'T* binigyang-pansin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ang pagsasaayos ng mga linya ng kuryente sa Pamilihang Bayan para sa pangangalaga ng mga may puwesto at mga mamimili.

*SAPAGKA'T*, walang pondo ang pamahalaang bayan upang makapagpaayos at mailawan ang kalakhang bahagi ng pamilihang bayan para sa maayos na paglilingkod.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na humiling sa Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P2M para sa pagpapailaw at pagsasaayos ng mga linya ng kuryente sa pamilihang bayan ng Santa Cruz, Laguna.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Inhinyero, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan